

# Ang Kaso ng Estupadong Tao, Resureksiyonista, at ni Jerry Dayunyor: Ilang Talâ sa Pagsasalin sa Filipino ng *A Tale of Two Cities* ni Charles Dickens

Mark Anthony S. Angeles  
Unibersidad ng Santo Tomas

## ABSTRAK

Isa sa mga pinakamabiling nobela sa buong mundo sa lahat ng panahon ang *A Tale of Two Cities* ni Charles Dickens. Bukod sa paglalarawan sa kawalan ng katarungan sa lipunan, mababasa sa mga akda ni Dickens ang mga sosyolektal at diyalektal na baryasyon ng wika sa diyalogo ng kaniyang mga tauhan at sa kaniyang pagsasalaysay. Isang malaking hamon sa sinuman na maitawid sa Filipino ang wika at mensahe ng nobela. Noong 2018, inilimbag ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, ang *Kuwento ng Dalawang Lungsod*, ang aking salin sa Filipino ng *A Tale of Two Cities*. Gamit ang introspektibong pagsusuri (*introspective analysis*), sininop sa papel na ito ang apat na yugtong prosesong pinagdaanan ng mahigit dalawang buwang pagsasalin ng nasabing nobela, mula sa pagsusuri sa estilo at kaligirang pangkasaysayan ng akda, sa danas ni Dickens at reaksiyon niya sa kaniyang panahon, at pagtutumbas sa mga salita batay sa mga konsiderasyong pampanitikan at sa mga target na mambabasa, habang ginagabayan ng mga prinsipyo sa pagsasalin nina Peter Newmark at Lawrence Venuti. Sa papel na ito, inisa-isa ang mga sagkâ at solusyong isinagawa para maipaunawa sa mga mambabasa ang konteksto ng nobela. Ipinaliwanag dito ang mga datos na itinalâ ko habang isinasalin ang akda, para magsilbing materyal sa talâbabâ o glosari. Inaasahang makakatulong ito sa mga magsasalin ng *A Tale of Two Cities*, ng iba pang nobela ni Dickens, at ng iba pang klasikong akdang pandaigdig sa Filipino at sa iba pang katutubong wika ng bansa, sa ikauunlad ng korpus ng ating mga wika at pag-unawa sa talaban ng panitikan, kasaysayan, at danas ng sambayanan.

**Mga Susing Salita:** *pagsasalin, A Tale of Two Cities, Charles Dickens, nobela, KWF*

## INTRODUKSIYON

Ang pagsasalin, ayon kay Peter Newmark, isa sa mga tungkong kalan ng Araling Salin sa ika-20 siglo, ay pagbibigay ng kahulugan ng isang teksto sa isa pang wika sa paraang ninanais ng may-akda (*A Textbook of Translation* 5). Bukod sa instrumental ang pagsasalin sa paglilipat ng kultura—na minsan ay nasasailalim sa di-pantay na mga kondisyong responsable sa baluktot at may kinikilingan (*biased*) na salin—ito rin ay naglilipat ng katotohanan, isang puwersa para sa pagsulong (7).

Hindi lamang usapin ng mga salita ang pagsasalin, kundi ng pagtitiyak na mauunawaan ang isang buong kultura (Burgess 4). Ayon kay Lina Mounzer, isang peministang mangangatha at tagasaling Lebanese, isang simbiyotikong akto ang pagsasalin, hindi lamang sa pagitan ng orihinal na nagsulat at ng nagsalin, kundi maging sa pagitan ng mga wika. Kapag naging sisidlan na ng wika, dinadala mo hindi lamang ang ilang bahagi ng iyong sarili, kundi maging ang ilang bahagi ng orihinal na wika. Ganito ang proseso ng wika, dahil:

Isa itong pamanang komunal, ngunit isa ring bagay na ganap na indibidwal, ganap na sa iyo. At iyon ang nagbubukas ng posibilidad na transpormatibo: itong di-mapipigilang pagbubuklod ng sarili at kapuwa, ng sarili at kultura, ng personal na kasaysayan at kolektibong kasaysayan (*ibid.*) (Sa akin ang salin).

Sa isang pagtitipon noong Mayo 2003, binanggit ng nobelistang Portuges na si José Saramago na nililikha ng mga manunulat ang panitikan ng kanilang bansa sa kanilang wika, habang ang mga tagasalin naman ay lumilikha ng panitikan ng daigdig (Appel 40). Sa paglikha ng panitikan, tinitipon ng pagsasalin ang magkakaugnay na kasaysayan ng mga mamamayan ng iba't ibang bansa at komunidad sa mundo.

### Kung Bakit si Charles Dickens

Inusisa ni Lisa Rodensky kung bakit labis ang popularidad si Dickens nang pumasok siya sa eksena noong huling bahagi ng 1830s (583). Itinuturing si Dickens na pinakapopular at pinakabinabasa sa lahat ng mga nobelista kahit hanggang sa kasalukuyan (Bloom xi). Paliwanag ni G. K. Chesterton:

Mas maraming naaalala ang isang ordinaryong Juan dela Cruz kay Dickens, na hindi niya nabasa, kaysa kay Marie Corelli, na mayroon siya. Kung isinulat ni Dickens ang mga kuwento ng Sherlock Holmes, ang bawat tauhan sa kanila ay kapuwa makapigil-hininga at tumatatak sa isip. Hindi lamang nasakop ni Dickens ang mundo, nasakop niya ito gamit ang mga tauhang maliliit lamang ang ginagampanang papel (52) (Sa akin ang salin).

May apat na pangunahing biyograpiya sa aralin ng buhay-at-akda ni Dickens: *The Life of Charles Dickens* (1872-4) ni John Forster, *Charles Dickens: His Tragedy and Triumph* (1952) ni Edgar Johnson, *Dickens* (1990) ni Peter Ackroyd, at *Charles Dickens* (2009) ni Michael Slater (Bodenheimer 11).

Isinilang si Charles John Huffam Dickens noong 7 Pebrero 1812 sa Portsmouth, Inglatera. Ikalawa siya sa magkakapatid, at unang anak na lalaki (Slater 4). Paggunita ni Dickens, mahusay siyang naturuan ng alpabeto at mga batayang kaisipan ng Ingles ng kaniyang ina. Naging masigasig siyang mág-aarál sa isang eskuwelahang klasiko, matematiko, at komersiyal. Masasakitin siya noong musmos pa lamang, at lagi siyang kinukumbulsiyon, kaya pinagbawalan siyang sumali sa mga gawaing pampalakasan (4-5). Gayunman, naaliw siya sa panonood ng mga palabas na ginagamitan ng *magic lantern* o proyektor, sa pagtatanghal ng mga awiting komiko, kasama ng kapatid niyang si Fanny, at sa pagbigkas (*ibid.*).

Nakahiligan ng batang Dickens na magbasa ng mga katha at sanaysay sa pahayagan. Lagi niyang binabasa at muling binabasa ang mga aklat sa munting aklatan ng kaniyang ama—gaya ng mga sanaysay ng ika-18 siglo, *Robinson Crusoe*, *The Vicar of Wakefield*, *Don Quixote*, mga akda nina Fielding at Smollett, at iba pang mga nobela at kuwento, gaya ng *The Arabian Nights* at *The Tales of the Genji*. Ang mga ito, ayon kay Slater, ay nagsilbing napakainam na pundasyon, habang binubuo ni Dickens ang karakter ng kaniyang batang bida sa *David Copperfield* nang ilangkap niya sa kabanata 4 ang sariling danas. Nanggaling din sa mga aklat na ito ang di-mabilang na mga sipi at alusyong inilangkap niya rin sa kaniyang mga akda (10-11).

Noong 1822, nang pabalikin sa Londres ang kaniyang ama, parang sardinas na nanuluyan ang buong pamilya ni Dickens sa isang maliit na bahay sa 16 Bayham Street, sa arabal para sa mababang gitnang uri sa Camden Town (14). Paliwanag ni Slater, matinding dagok ang dala nito kay Dickens, na nagsisimula nang makarinig ng tungkol sa lumalalang problemang pampinansiya ng kaniyang ama, lalo pa nang pahintuin siya sa pag-aaral. Nagbigay sa kaniya ng kaluguran ang pagsama niya sa pamamasyal, lalo na sa mga lugar na malapit sa lugar ng mga dukha sa Seven Dials. Noong 20 Pebrero 1824, tuluyang nakulong sa bilangguan ng may utang sa Marshalsea ang ama ni Dickens, at hindi naglaon sumunod ang kaniyang ina at iba pa niyang mga kapatid. Samantala, ipinasok si Dickens sa *blacking factory* o pagbrika ng *blacking*—isang uri ng tintang ginagamit sa paglilinis at pagpapakintab ng mga bota, sapatos, sahi, at pintuan—na pag-aari ni Robert Warren sa Hungerford Stairs. Naatasan siyang magdikit ng etiketa sa mga *blacking bottle*, o lagayan

ng tintang *blacking*, kapalit ng kakarampot na sahod. Nanuluyan siya sa Little College Street at nang maglaon, sa Lant Street, mas malapit sa bilangguan.

Ang poot sa personal niyang naranasan at sa lipunan, at ang pagkakanulong naramdaman niya mula sa kaniyang mga magulang, ay nagdala ng malalim na kalungkutang hindi nalampasan sa paglaki ni Dickens, at ang matinding pagkaawa, at matinding paghanga, sa kaniyang batang sarili ang siyang naging pinakamahalagang motibasyon niya sa pagsulat ng kaniyang mga katha mula sa *Oliver Twist* hanggang sa *Little Dorrit* (8).

Ang magkakasalungat na sipat kay Dickens—inabandonang bata, naaawa-sa-sariling tigulang, mapagbigay na kampeon ng mahihirap, radikal na kritiko ng lipunan, konserbatibong Victorian, narsistikong mang-aakit at mapang-alila, nagdurusang mapanglaw, masiglang mapagdiwang, mapag-aruga sa pamilya, mabigat ang kamay sa pamilya—ang kaniyang abilidad na gampanan ang papel ng lahat ng ito, sa magkakaibang panahon at kondisyon, ay sapat nang dahilan para ituring siyang isang pambihirang paksâ ng biyograpiya (Bodenheimer 9-11).

Paliwanag ni Bodenheimer, hindi magiging si Dickens na kilala natin ang nobelista kung hindi nangyari ang kaniyang danas sa *blacking warehouse*. Sa edad na 12, naobserbahan at tumatak sa isip niya ang mga detalye ng pagkain, *shilling at pence*—tawag sa mga barya sa Inglatera—mga kalye, mga tindahan, mga kakayahan sa paggawa, at mga taong naging bahagi ng kaniyang buhay sa mga buwan na naroon siya sa Warren's, na siyang naglaan ng materyal para sa kaniyang mga akda ng pagbabalik-tanaw (16). Ipinapalagay ni Bodenheimer na:

Bilang diyagnosis, maaaring maghain ang trauma ng isang karanasang bumabago sa personalidad sa mga mapaminsalang paraan, ng isang habambuhay na nanghihimasok sa biktima nang labag sa kaniyang kalooban at nakahahadlang sa kaniyang kakayahang umunlad. Walang katibayan na may gayong epekto ang Warren's kay Dickens, na pumasok sa pabrika na isang sensitibo, mulat, maringal, at matalas na bata, at lumabas nang gayon din. Wala saanman sa bahagi ng autobiograpiya ni Dickens na sinabi niyang, 'nagbago ang lahat sa sandaling iyon,' o may hiwatig ng katumbas na pagbabago (*Ibid.*) (Akin ang salin).

Samantala, idiniin ni Chesterton na nakalalamang si Dickens sa mga henyong manunulat na may panlasang nakaangkla sa komunidad. Malalim at banal ang pakikipagkapatiran ni Dickens. Hindi siya katulad ng mga karaniwang demagoga at mamamahayag. Hindi niya isinulat ang nais lamang ng mga tao. Ninais ni Dickens ang nais ng mga tao. Hindi kailanman tinalakay ni Dickens ang mga tao. Nakipagtalakayan

siya sa mga tao. Nilapitan niya ang mga tao na parang diyos at ibinuhos ang kaniyang kayamanan at dugong. Lumikha ito ng di-mapapatid na bigkis sa kaniya at sa masa. Hindi lamang siya nakalikha ng isang bagay na mauunawaan nila, sineseryoso niya ito, at nagsumikap at naghirap siya para likhain ito (54).

Hindi imposibleng makuha ni Dickens ang loob ng mga Pilipino. Kilala ang mga nobelistang Pilipino sa kanilang sipat sa lipunan. Ang tradisyong realismo sa nobelang likas na pumupuna at lumalaban sa mga tiwaling aspekto ng lipunan—na siyang tema ng mga nobela ni Dickens—ay tumawid na mula sa *Noli Me Tángere* at *El filibusterismo* ni Jose Rizal patungo sa *Banaag at Sikat* ni Lope K. Santos at *Pinaglahuan* ni Faustino Aguilar (Gamboa-Alcantara 3; Reyes 42). Ang pagsasalin sa Filipino ng mga nobela ni Dickens ay pag-uugnay ng danas ng sambayanang Pilipino at sambayanang Pranses at Briton. Sabihin pa, hindi na bago sa mga Pilipinong manunulat kahit noong unang tatlong dekada ng ika-20 siglo ang maglimbag ng mga nobelang may tatlo o higit pang tomo, gaya ng makakapal na nobela ni Dickens (Jurilla 16).

### **Kung Bakit *A Tale of Two Cities***

Itinuturing ang *A Tale of Two Cities* na isa sa mga pinakamabiling nobela sa lahat ng panahon (*The Guardian*). Sa rekord ng *WorldCat*, mayroon na itong 286 salin sa mga wika sa buong mundo.

May natural na apinidad ako kay Andres Bonifacio at sa anti-kolonyalistang rebolusyon ng 1896. Napalapit ang loob ko sa nobela ni Dickens dahil may bahagi rin itong pinukaw ng Rebolusyong Pranses. Hindi nakapagtata kang *A Tale of Two Cities* ang pinakapopular na nobela ni Dickens sa Pransiya. Ani Nathalie Vanfasse, posibleng dahil tinalakay nito ang isang pangunahing traumatikong bahagi ng kasaysayan ng Pransiya, ang Paghahari ng Sindak noong Rebolusyong Pranses (260). Hindi na rin nakapagtata kang pinalabnaw ng mga tagasalin sa wikang Pranses ang mga kakila-kilabot at nakakatakot na mga rebolusyonaryong eksenang inilarawan sa nobela ni Dickens, nang maging katanggap-tanggap ang mga ito sa mga mambabasang Pranses, na ang kolektibong kamalayan (*collective psyche*) ay minumulto pa rin ng kanilang trauma sa nasabing pangyayari sa kanilang kasaysayan. Hindi lamang ito usapin ng interkulturalidad, ayon kay Vanfasse, kundi ng pambansang gunita at trauma (*Ibid.*).

Naging paksâ din ng mga kritikal na pagbasa ang *A Tale of Two Cities* dahil sa pagtalakay nito sa mga istorikal, politikal, pilosopikal, at sosyolohikal na usapin. Kasama na rito ang mga kritikal na debate kung dapat itong ituring na isang istorikal na nobela, dahil wala naman itong mga istorikal na ebidensiya, ayon sa ilang kritiko. Ayon sa iba pa, hindi

kapani-paniwala ang mga pribado at personal na resolusyon ni Dickens sa mga ligalig pampolitika (*political turmoil*) ng isang magulong panahon sa kasaysayan (262).

Ngunit, gaya ng iba pang mga istorikal na nobela, hindi lamang senaryo ang Rebolusyong Pranses sa *A Tale of Two Cities*, kundi saligan at rekisito sa daloy ng kuwentong tumahî sa pambansang kasaysayan at sa indibidwal at kathang-isip na tadhana ng pamilya Manette (*Ibid.*). Paliwanag ni Vanfasse, ipinapakita ng nobela ni Dickens ang kahulugan ng kasaysayan na binansagang “lubos na resureksiyon” (“*complete resurrection*”) ng bantog na historyador na si Jules Michelet, sa kaniyang sa *History of France* (1869). Ang istorikal na lapit na ito, ayon kay Michelet, ay hindi lamang analitikal at interpretatibo, kundi nakatuon sa pagsasadula (*reenactment*) ng mga pangyayari sa anyong pasulat. At gayong si Michelet ang lumikha ng teorya, ang anyong ito ng Romantikong kasaysayan ay nauna nang isinagawa ni Thomas Carlyle, sa Inglatera, sa partikular sa kaniyang *History of the French Revolution* (1837), ang aklat na naging inspirasyon ng nobela ni Dickens (*Ibid.*).

Ang *A Tale of Two Cities* ay isang nobela ng pag-ibig, pag-asa, sakripisyo, paghihiganti, at paglaya—mga temang tinatangkilik ng mga Pilipino sa panitikan, pelikula, at iba pa. Mas mailalapit ito sa mga nobela nina Rizal, Santos, Aguilar, at iba pa sa paraan ng pag-aakda sa nakaririmarim na kalagayan ng lipunan, kasama na ang pyudalismo at industriyalisasyon.

Ang *A Tale of Two Cities* at *Barnaby Rudge* lamang ang mga nobela ni Dickens na hindi nangyari sa kaniyang kontemporaneong panahon. Sabihin pa, gayong hindi kasing-ikli ng *A Christmas Carol*, hindi kabilang sa mga pinakamahabang nobela ni Dickens ang *A Tale of Two Cities*. Hindi rin ito kasingkomplikado ng *David Copperfield* o *Great Expectations*. May dating (Lumbera 191) ang *A Tale of Two Cities* hindi lamang sa mga Pilipinong nagbabasa ng *historical fiction*, o akdang pinagsasanib ang kasaysayan at likhang-isip, kundi maging sa mga tumatangkilik sa young adult (YA) fiction, o mga kathang-isip na akdang isinulat para basahin ng mga nasa edad 12 hanggang 18.

## LAYON AT METODO

Totoong isang instrumentong may dalawang talim ang pagsasalin, dahil may natatangi itong layong ipamalas ang karunungan ng tagasalin sa dayuhang wika, bilang isang anyo ng dominyo o ehersisyo ng katalinuhan, para mahasa ang kaniyang kakayahan (*A Textbook of Translation* 7). Gayon man, ilang ulit nang napatunayang higit pa rito ang gawaing pagsasalin.

Layunin ng papel na itong ilahad ang aking prinsipyo at praksis sa pagsasalin, sa partikular, ang proseso ng pagsasalin ko ng *A Tale of Two Cities: A Story of the French Revolution* (1859) ni Charles Dickens tungo sa Filipino. Inilimbag ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, noong 2017 ang limitado at eksperimental na edisyon ng aking *Kuwento ng Dalawang Lungsod*, at nang sumunod na taon ang pinal na bersiyon nito.


Kinakatigan ng prosesong ito ang pahayag ni Bonifacio Sibayan na isang mahalagang bahagi ng intelektuwalisasyon ng ating pambansang wika ang pagsasalin ng teksto, mula at tungo sa Filipino; ito man ay tekstong teknikal, siyentipiko, o pampanitikan (73-74). Kung tutuusin, mahigit tatlong dekada na itong isinusulong ng mga alagad ng wika at panitikan at ng mga institusyong pribado at ng gobyerno.

Naaayon kay Zeus Salazar ang konseptuwal na balangkas sa pagpili ng mga salitang magsisilbi sa mga mambabasang Pilipino. Samantala, pangunahing salalayan ang teorya sa pagsasalin ni Newmark, na nagsabing kapuwa agham at sining ang pagsasalin. Ang pagpili ng nobelang isasalin, mula sa listahan ng mga ipinapasaling klasiko na inilabas ng KWF, maging ang pagpili kay Newmark, ay ginabayan ng likas na apinidad (*natural affinity*). Ayon kay Justin O'Brien, hindi dapat nagsasalin ang sinuman ng isang tekstong hindi niya hinahangaan; dapat may likas na apinidad, kung posible, na umiiral sa pagitan ng tagasalin at salin (85). Tinawag itong *simpatico* ni Lawrence Venuti (273-306). Babala naman ni Kornei Chukovskii, dapat iwasan ng isang tagasalin ang mga may-akda na ang pag-uugali at pagkahilig na pampanitikan ay nakikita niyang kakaiba o antagonistiko (29). Dagdag pa niya, mas makabubuting nabibilang sa iisang saray ng lipunan ang tagasalin at may-akda, dahil makakatutulong ito na maging mas malapit sa orihinal ang salin (52-53).

Hinalaw ang metodo ng pananaliksik na tinatawag na introspektibong pagsusuri (*introspective analysis*) sa pag-aaral at pagsusuri ng mismong tagasalin sa prosesong kaniyang ginamit sa pagsasalin (Sison-Buban 97-98). Apat na yugto ang pinagdaanan: kinilates ang aspektong estaylistiko at konteksto ng nobela, sa danas ni Dickens at reaksiyon niya sa kaniyang panahon; naghanap ng mga katumbas na salita at parirala sa Filipino, batay sa halaga ng kapuwa mensahe at pagpapakahulugan, ayon kay Newmark (*Approaches to Translation* 38-46); paggawa ng hiwalay na anotasyon sa *Microsoft Word*; at pagninilay sa pamamagitan ng paggawa ng talatanungan. Hindi na nakabalik sa akin ang manuskritong dumaan sa ebalwasyon ng KWF, kaya hindi na ito narebisa matapos ang pagninilay. Hindi na rin natuloy ang balak na gawing talâbaba ng *Kuwento ng Dalawang Lungsod* ang ihinanda kong anotasyon.

**PROSESO NG PAGSASALIN**

Sa unang yugto o paghahanda sa pagsasalin, isinaalang-alang ko ang “paghatak” sa teksto ng *A Tale of Two Cities* sa 10 direksiyong iminungkahi ni Newmark (tingnan ang pigura 1 sa ibaba).



**Fig.1.** Dayagram ng Dinamika ng Pagsasalin, mula sa *A Textbook of Translation* (4).

Narito ang paliwanag ni Newmark sa mga direksiyong nabanggit (5):

- (1) Ito ang indibidwal na estilo o idyolek ng may-akda ng orihinal na wika o *source language* (SL). Kailan ito (1) papanatilihin, (b) inormalisa?
- (2) Ito ang kumbensiyonal na gramatikal at leksikal na gamit sa uri ng teksto, batay sa paksâ at sitwasyon.
- (3) Laman nito ang mga kaugnay ng kulturang partikular sa SL o sa ikatlong wika [hindi SL, ni target na wika o target language (TL)].
- (4) Ito ang karaniwang pormat ng teksto sa isang aklat, pahayagan, at iba pa, na may impluwensiya ng tradisyon sa panahon ng pagkakatathala nito.
- (5) Ito ang mga inaasahan ng ipinapalagay na mga mambabasa (*putative readership*), nang isinasaalang-alang ang kanilang kaalaman sa paksâ at sa estilo ng wikang kanilang ginagamit, nang ipinapahayag sa karaniwang mga salik, dahil hindi dapat nagsasalin ng kulang o sobra para sa mga mambabasa.
- (6), (7), (8). Kagaya ng 2, 3, at 4, ngunit kaugnay ng TL.
- (9) Kung ano ang inilalarawan o iniuulat, nililinao o pinapatunayan (*referential truth*), nang walang impluwensiya ng SL o ng mga inaasahan ng mga mambabasa.
- (10) Ang mga pananaw at pagkiling ng tagasalin, na maaaring personal at suhetibo, o sosyokultural, kasama na ang katapatan ng tagasalin sa kaniyang kinabibilangang grupo, na sumasalamin sa kaniyang mga palagay na pambansa, politikal, etniko, relihiyoso, saray na kinabibilangan, kasarian, at iba pa.



Mahalagang kilalanin at tanggapin ng tagasalin ang kaniyang mga pagkiling at pribilehiyo. Dahil ang aking pagsasalin ng ng *A Tale of Two Cities* ay kinomisyon ng KWF, kailangang isaalang-alang ko ang kanilang kontrol sa proyekto, ang kanilang target na mambabasa, bukod sa aking kakayahang magsalin, o sa gusto kong maging kalabasan ng salin, batay sa aking nais iparating sa publiko tungkol sa aking kakayahan sa pagsasalin at sa aking target na mambabasa.

Sa pagsasalin ng mga salita at parirala, gumamit ako ng diksiyonaryo at mga *multilingual neural machine translation service* sa internet. Kumunsulta ako kina Rogelio Ordoñez at Reuel Aguila para sa katumbas ng ilang salita. Kumunsulta rin ako sa ilang kakilalang abogado para alamin kung may katumbas sa Filipino o sa iba pang katutubong wika ang mga terminong kaugnay ng paglilitis sa korte para sa ilang eksena sa nobela.

Ngunit ang tekstong aking isasalin ay puno ng mga alusyon at iba pa, kaya kailangang isaalang-alang na hindi lamang salita o kataga ang isinasalin, kundi maging ang mensahe at pakahulugan ng kapuwa SL at TL.

### **Ang Kaso ng Resureksiyonista**

Kung tutuusin, nagsimula ang pagsasalin sa pamagat. Ano ba ang dapat na katumbas ng *A Tale of Two Cities*? Ano ang *tale*? Dapat ba itong isalin bilang kuwento o alamat? Ano ang tamang baybay: *kuwento* o *kwento*? *Lungsod* o *siyudad*? Nasa diwa ito ng maka-Pilipinong pagpili ng mga salita ni Salazar.

Sumunod na suliranin ang pagsasalin ng “Recalled to Life” na siyang pamagat ng Unang Aklat. Paano isasalin ang *recall*? Para masagot ito, kailangang sipatin ang konteksto ni Dickens, nang maunawaang isa rin itong double entrende. Matatagpuan ang *recalled to life* sa Bibliya, kasingkahulugan ng *restored to life*, “ginamot” o “binuhay na muli ang patay” Sa *Ang Dating Biblia* (1905), ganito ang 2 Mga Hari 8:5”

At nangyari, samantalang kaniyang sinasaysay sa hari kung paanong kaniyang isinauli ang buhay niyaon na patay, na narito, ang babae, na ang anak ay kaniyang sinaulian ng buhay, ay dumaing sa hari dahil sa kaniyang bahay at dahil sa kaniyang lupain. (Sa akin ang mga salungguhit).

Isinalin ko ang pamagat ng Unang Aklat bilang “Pinanauli ang Buhay.” Sapat ito, sa aking palagay, sa batayang pakahulugang nais ni Dickens, bago pa ito masapinan ng ibang pakahulugan, kung paanong “recalled to life” sina Dr. Manette, Charles Darnay, at Sydney Carton sa nobela.

Sa kasong ito, maaalala ang terminong “complete resurrection” ni Michelet na nabanggit sa itaas. Kaugnay rin ito ng *resurrectionist* na nilaro ni Dickens ang kahulugan, gaya ng nabanggit sa *Merriam-Webster.com Dictionary*: (1) *body snatcher*; (2) *one who resurrects* [(1) *taong nagnanakaw ng mga bangkay sa mga sementeryo*; (2) *taong bumubuhay ng mga patay*]. Sa nobela, bukod sa lapit nito sa kahulugan ng *recalled to life*, may mga karakter ding nagnanakaw ng mga mamahaling gamit sa mga bangkay na nakalibing sa sementeryo. Para maiakma sa *double entende*, o teknik pampanitikang nilalagyan ng dalawa o higit pang interpretasyon ang salita o parirala, isinalin ko ang *resurrectionist* bilang *resureksiyonista*.

Ang tumbasang *recalled to life at resurrectionist* ay maipaliliwanag naman ng unang bahagi ng unang kabanata ng Unang Aklat. May pamagat itong “The Period” na isinalin ko bilang “Ang Kapanahunan” (tingnan ang figura 2 sa ibaba).

It was the best of times, it was the worst of times, it was the age of wisdom, it was the age of foolishness, it was the epoch of belief, it was the epoch of incredulity, it was the season of Light, it was the season of Darkness, it was the spring of hope, it was the winter of despair, we had everything before us, we had nothing before us, we were all going direct to Heaven, we were all going direct the other way—in short, the period was so far like the present period, that some of its noisiest authorities insisted on its being received, for good or for evil, in the superlative degree of comparison only.

**Fig. 2.** Larawan mula sa “The Project Gutenberg eBook of A Tale of Two Cities,” Project Gutenberg, <https://www.gutenberg.org/cache/epub/98/pg98-images.html>.

Mapapansing ginawa itong patalata ni Dickens. Ginawa kong suliranin ang anyo nito. Matatandaang sinabi ng nobelistang si Milan Kundera na para sa isang tagasalin, ang pinakamataas na autoridad ay nakasalalay sa personal na estilo ng may-akda. Halimbawa, inuulit ang isang salita dahil mahalaga ito, dahil mataginting ang himig at simbolismo nito sa pahina (110-112). Sa kasong ito, sinunod ko at itinakwil si Kundera; habang kinakatigan si Newmark. Pansinin ang anyo at nilalaman ng aking pagkakasalin:

Iyon ang pinakamabuti sa mga araw,  
 iyon ang pinakamasama sa mga araw,  
 iyon ang edad ng karunungan,  
 iyon ang edad ng kahangalan,  
 iyon ang epoka ng paniniwala,  
 iyon ang epoka ng pag-aalinlangan,  
 iyon ang panahon ng Kaliwanagan,  
 iyon ang panahon ng Karimlan,  
 iyon ang tagsibol ng pag-asa,  
 iyon ang taglamig ng pagkalugami,

lahat ng bagay ay napasaatin, walang anumang bagay na napasaatin, lahat tayo ay dederetso sa Langit, lahat tayo ay dederetso sa kabilang daan—sa madaling sabi, ang kapanahunan noon ay hindi malayong gaya rin ng kapanahunan ngayon, na ang ilan sa pinakamaliingay nitong maykapangyarihan ay nagpipilit na dapat itong tanggapin, sa mabuti man o sa masama, sa hambingan lamang ng mga bukod-tangi.

Hinati-hati ko ang mga kataga, gaya ng pagkakasulat ng ilang bahagi ng *The Prophet* (1923) ni Kahlil Gibran, dahil, sa aking palagay, may bisa at hiwaga ito gaya ng sa aklat. Gayunman, naiba nang kaunti ang pormat sa inilimbag ng KWF (tingnan ang figura 3 sa ibaba).

Iyon ang pinakamabuti sa mga araw, iyon ang pinakamasamá sa mga araw, iyon ang edad ng karunungan, iyon ang edad ng kahangalan, iyon ang epoka ng paniniwala, iyon ang epoka ng pag-aalinlangan, iyon ang panahon ng Kaliwanagan, iyon ang panahon ng Karimlan, iyon ang tagsibol ng pag-asa, iyon ang taglamig ng pagkalugami, lahat ng bagay ay napasaatin, walang anumang bagay ang napasaatin, lahat tayo ay dederetso sa Langit, lahat tayo ay dederetso sa kabilang daan—sa madaling sabi, ang kapanahunan noon ay hindi malayong gaya rin ng kapanahunan ngayon, na ang ilan sa pinakamaingay nitóng maykapangyarihan ay nagpipilit na dapat itong tanggapin, sa mabuti man o sa masamá, sa hambingan lámang ng mga bukod-tangi.

Fig. 3. Larawan ng unang bahagi ng unang kabanata sa Unang Aklat ng *Kuwento ng Dalawang Lungsod* (p. 9).

### Ang Kaso ng Estupadong Tao

Ayon kay Newmark, marami pang ibang tensiyon sa pagsasalin. Ilan sa mga halimbawa nito ang nangyayari sa pagitan ng tunog at diwa (*sound and sense*), diin (*emphasis* o *word order*) at pagiging natural (gramatika), piguratibo at literal, kasinupan at pagiging komprehensibo, pagiging maikli, ngunit malaman, at katumpakan (*A Textbook of Translation* 5).

Bukod sa kailangang malaman ang konteksto ng mga salita at parirala, kailangang maunawaan ng tagasalin kung alin sa mga ito ang literal ang pakahulugan at alin ang hindi (tingnan ang talahanayan 1 sa ibaba).

Talahanayan 1

SL	TL
ale-house	taberna
apostrophise	ipagdiinan
bar	baras
basin	apawan ng tubig
blind lane	tawiran
bosom / bosom (friend)	loob (dibdib) / kapalagayang-loob (matalik na kaibigan)
business matter	katungkulan lamang
cabin	kamarote
cavalcade	kabalgata
channel	bambang
cloak	balabal
closet	maliit na silid (hindi aparador)
coat	abrigo
conductor	tagahatid
country	kanayunan
cutlass	sable

darling	giliw
deck	kubyerta
dice	betu-beto
dock	bankilyo ( <i>banquillo</i> )
garret	attic
grizzled	ubandin
guillotine	gilyotina
hollow	lambak
landscape	paysahe
leather strap	taling katad
mender of roads	kaminero
packet	pakibot ( <i>mailboat</i> o <i>paquebot</i> )
passbook	libreta
pocketbook	libritong listahan
poillory	pilorya
plane tree	punong sikomoro
rascal	tampalasan
rejoinder	singhal
retort	pasubali
saddle	siya
side street	eskinita
sleeper	nahihimlay
sufferer	martir
trafficker	trapikante
tumbrial	karetilya
waistcoat	tsaleko

Talá: Ilan sa mga salitang Ingles sa *A Tale of Two Cities* at aking pagtutumbas sa Filipino, gamit ang ilang panghihiram sa Espanyol.

Pansinin ang paglalagay ko ng tudlik sa siya. Ganito rin ang aking ginawa sa *bángko* (*bank*) at *bangkô* (*bench*). Sa Pilipinas sa kasalukuyan, dala ng impluwensiyang Amerikano, ang *dinner* ay hapunan. Ngunit may *dinner* at *supper* sa *A Tale of Two Cities*. Kaya para makita ang pagkakaiba, tinumbasan ko ng *tanghalian* ang *dinner* at ng *hapunan* ang *supper*. Batay sa konteksto ng *leap-frog*, tinumbasan ko ito ng *luksong baka*. Sa pariralang “*the mail was robbed in peace*” ang *mail* ay hindi sulat, kundi *karwahe* (*stagecoach*) (tingnan ang talahanayan 2 sa ibaba).

#### Talahanayan 2

SL	TL
gaol	bilangguan
gaoler	bantay/punong opisyal ng bilangguan
head drawer	punong tagasilbi
high vaulted rooms	kaha de yero o nakaarkong bubungan o kisame
highway robbery	panghaharang sa daan
highwayman	manghaharang sa daan
pallet bed	katre
post-horses	kabayong postal
posting-house	bahay-postal
turnkey	bantay ng bilangguan
witness-box	tarima ng mga saksi

Talá: Ilan pang mga salitang Ingles sa *A Tale of Two Cities* at aking pagtutumbas sa Filipino, gamit ang ilang pariralang hindi direktang katumbas.

### Talahanayan 3

SL	TL
arm-chest	caja de escopeta
breeches	bombacho
gaiters	polainas
learned friend	compañero
odd-job-man	factotum
league	leguwa ( <i>legua</i> )
acre	ektarya
unimpeachable	hindi mapag-aalinlanganan

Talá: Ilan pang mga salitang Ingles sa *A Tale of Two Cities* at aking pagtutumbas, gamit ang ilang pariralang hindi direktang katumbas at may panghihiram sa dayuhang wika.

Sa kaso ng *horizon*, ginamit ko ang *gintaipan*. Ngunit may mga salitang sa palagay ko ay walang katumbas sa Filipino at mga katutubong wika (tingnan ang talahanayan 3 sa ibaba).

Pinanatili ko naman ang mga sumusunod na salita, dahil makakatulong sa paghagip sa konteksto ng eksena: antechamber, bank run, blunderbuss, chateau flambeau, counter, emblem, frock coat, at mustard pot. Minabuti ko ring panatilihin ang salitang triumvirate. Hindi ito dapat baguhin dahil ginamit ito ni Dickens bilang alusyon. Lunsaran ng mga konsiderasyong nabanggit ang aking naging suliranin sa pagsasalin ng *human stew* na naglalarawan ng halo-halong amoy, pawis, at iba pa sa mga eksena sa korte. Tinumbasan ko ito ng *estupadong tao*. Ito rin ang suliraning kinaharap ko sa *quartering*, isang uri ng tortyur, na tinumbasan ko ng *paglalapà sa apat na bahagi*.

Ang *A Tale of Two Cities* ay punumpuno ng mga talinghaga—ng mga idyoma, alusyon, eupemismo, *leitmotif* o paulit-ulit na tema o salita, mga salitang inimbento ni Dickens, gaya ng “*evil-adverbiously*,” at marami pang iba. Hinihingi ng pagkakataon na ang naturalesa ng pagiging malikhain ng mga linya ay kailangan ko ring tumbasan ng mga malikhaing salita.

Halimbawa nito ang aliterasyong “with infinite jingle and jangle” na tinumbasan ko ng “may walang katapusang kuliling at kalansing.” Gayon din ang *chiasmus*, o pag-uulit sa baligtad na kaayusan, na “that I pray to you to touch me and to bless me” na tinumbasan ko ng “hawakan ninyo ako at ako ay inyong basbasan.”

Mahalagang bantayan ng tagasalin ang mga idyoma at iba pang ekspresyon. Kailangang tumbasan ang mga ito sa TL nang may kaparehong diin at dating (tingnan ang talahanayan 4 sa ibaba).

#### Talahanayan 4

SL	TL
"Bust me, if she ain't at it agin!"	"Bangasan mo ako, kung hindi niya ginagawa ulit!"
"For gracious sake"	"Anak ng tokwa"
"My blood!"	"Diyos ko!"
"O me, O me! All is lost!"	"Hay naku, hay naku! Nalintikan na!"
"Wo-ho! so-ho-then!"	"Wo-ho! ho-ganyan nga!"

Talâ: Mga idyoma at iba pang ekspresyon sa *A Tale of Two Cities* at aking pagtutumbas sa Filipino.

Bilang isang malikhaing manunulat, na may pagkiling sa bayan, mahalaga para sa akin ang mga idyoma. Sa *Concise English Tagalog Dictionary* (1969) ni Jose Villa Panganiban, tinukoy niya ang *idiom* bilang "language of the people, *wikà*; characteristic method of expressing a thought, *wikain, sàlitain*" ("wika ng mga tao, *wikà*; likas na pamamaraan ng pagpapahayag ng idea, *wikain, sàlitain*").

Lumikha ako ng sariling metodo batay sa mga sumusunod na posibleng hakbang:

1. ang mga idyoma ay tutumbasan ng idyoma (*idyoma* > *idyoma*);
2. ang mga idyoma ay tutumbasan ng hindi idyoma (*idyoma* > *x idyoma*); at
3. ang mga hindi idyoma ay tutumbasan ng mga idyoma (*x idyoma* > *idyoma*)

Kailangang *i-decode* o alamin ang kahulugan o konteksto ng mga idyoma. Pagkatapos, kailangang alamin kung may katumbas ang mga ito sa mga idyomang Filipino (tingnan ang talahanayan 5 hanggang 7 sa ibaba).

#### Talahanayan 5

SL	TL
time and tide	agos ng panahon
pricked up his ears	tinalasan ang sariling mga tainga
under watch and ward	bantay-sarado
put out	nagpapanting ang tainga
loose tongues, and looser lives	walang prenong mga dila, at lalong walang prenong mga buhay

Talâ: Mga idyoma sa *A Tale of Two Cities* na tinumbasan ng mga idyoma sa Filipino.

#### Talahanayan 6

SL	TL
make the best of your way	samantalain mo ang iyong paglalakbay
she sat under his hand	hindi gumaganti ng sagot
utterer of a bad note	nagbabayad ng pekeng pera
recovering his perpendicular	umupo nang tuwid
prevent blood from running cold	para hindi siya mamutla sa takot

Talâ: Mga idyoma sa *A Tale of Two Cities* na hindi tinumbasan ng mga idyoma sa Filipino.

Talahanayan 7

SL	TL
I got it with much difficulty	sumuot ako sa butas ng karayom
who was his express image	para silang pinagbiyak na bunga
to come and do likewise	na sundan ang kaniyang yapak
settled for ever	laging napaplantsa
there is nothing angry or estranged between us	walang galit o gusot sa pagitan natin

Talà: Mga parirala sa *A Tale of Two Cities* na hindi idyoma, ngunit tinumbasan ng mga idyoma sa Filipino.

**Ang Kaso ni Jerry Dayunyor**

Tinatawag na *heteroglossia* ang katangian ng mga akdang pampanitikan, lalo na ng mga nobela, na magkaroon ng sari-saring tinig, estilo ng diskurso, o pananaw, ayon sa *Merriam-Webster.com Dictionary*. Dahil iba-iba ang mga tauhan sa isang akda, kailangang magkakaiba ang kanilang mga karakter. May malaking pagkakaiba sa paraan ng pagsasalita ng isang bata kumpara sa matanda, ang isang tagaprobinsiya kumpara sa isang tagalungsod, ang isang doktor kumpara sa pasyente. Magkaiba rin ang kanilang pag-unawa at reaksiyon sa mundo. Nagbibigay ito ng *texture* o pagbasag sa monotono sa akda. Kahit hindi sabihin kung sino ang nagsabi ng diyalogo, matutukoy ito ng mga mambabasa batay sa katangian ng kanilang pagsasalita. Nakakatulong ito sa pagbuo ng karakterisasyon at sa pagpapakita kung gaano kahalaga ang papel ng bawat tauhan sa kuwento, kahit pa ng tagapagsalaysay.

Kailangang maunawaan ng sinumang tagasalin na ginamit ni Dickens ang *heteroglossia* sa *A Tale of Two Cities*. May rehistro ng wika ang pamilya Cruncher. Halimbawa nito ang sumusunod:

*“What d’ye mean? What are you hooroaring at? What do you want to conwey to your own father, you young Rip? This boy is a getting too many for me!” said Mr. Cruncher, surveying him. “Him and his hooroars! Don’t let me hear no more of you, or you shall feel some more of me. D’ye hear?” (“Me sinasabi ka? Ano’ng niyayahu-yahu mo r’yan? Ano’ng inaano mo sa sarili mong ama, batàng Rip ka? Nakakarami na sa ‘kin ‘tong batàng ‘to!’ sabi ni G. Cruncher hábang pinagmamasdan siyá. “Siyá at ang kan’yang mga yahu! ‘Pag me marinig p’ko s’yo, mas marami’ng aabútin mo sa ‘kin. Narinig mo?” (Kuwento ng Dalawang Lungsod 206) (Sa akin ang italisasyon at salin).*

Binigkas din nila ang *vital* bilang “*wital*,” ang *vittles* o *victuals* bilang “*wittles*,” at *aggravator* bilang “*aggerawayter*.” Hindi mo makikita sa kahit anong diksiyonaryo ang kahulugan ng *wital*, *wittles*, at *aggerawayter*. Naisip kong baka mali lamang ang baybay, gaya ng *women* sa teksto, na dapat ay *woman* lamang, at *atomics*, na dapat *atomies* ang baybay. Kasama na rito ang *flopping* na dapat ay *flapping* sa ika-17 siglo,

kaya tinumbasan ko ng *kumakampay-kampay*. Gayon din ang *free liver*, na dapat ay *free-liver*, na tinumbasan ko ng *masiba*. Samantala, ang *The honoured parent steering Northward* ay hindi panorte, kundi papunta sa Northward Hill.

Ngayong tukoy na ang rehistro ng wika, kailangang magkaroon ng partikular na salin para sa barayti ng wika ng pamilya Cruncher. Ito ang dahilan kung bakit ang *Young Jerry* ay isinalin ko bilang *Jerry Dayunyor*.

Dahil hitik sa sosyolektal at diyalektal na baryasyon ng wika ang *A Tale of Two Cities*, kailangang maging alerto at maagap ang tagapagsalin nito sa alinmang wikang labas sa orihinal na teksto.

## KONGKLUSYON

Isa sa mga pinakamahasay na anyo ng pagbalikwas ang pagsasalin. Binibigyan ng wika ang bawat indibidwal ng kapangyarihan at lakas ng kolektiba. Magagawa ng pagsusulat, pagsasalita, at pagkukuwento na baguhin ang kolektiba, kahit sa pamamagitan ng danas ng bawat isa. Dagdag pa ni Mounzer:

Ang pagtawid mula sa kung ano ang nararamdaman, nararanasan, tungo sa kung ano ang isinasatinig—para sa pagsaksi at nang masaksihan—ay sa bawat oras isang pagpapahayag ng natatanging pag-unawa sa kung paano manatiling buháy sa mundo. Nagbubukas ito ng mga bagong espasyo, mga bagong naharayang posibilidad, at ang mga iyon, sa pamamagitan ng wika, ay nagiging bahagi ng kolektibong pamana. Sa pagitan ng sarili at ng kapuwa, sa pagitan ng iyong pinagmulan at at kung saan ka napadpad, sa pagitan ng personal na salaysay at kolektibong kasaysayan, sa pagitan ng mga kasarian at mga kultura at mga wika at mga bayan at mga katulad na panawagan para sa dignidad at pagkilala na nakapaloob sa mga kuwento (Sa akin ang salin).

Ang pagtawid sa hangganan, ay hindi lamang pagkilalang matatawid ito. Binabago nito ang lunan ng magkabilang panig. Sa pagtawid, ayon kay Mounzer, dala mo ang anumang makakaya mong dalhin. Tumatawid kang dala ang iyong pagsaksi, nang batid mong maaari kang mapinsala, na isa kang mortal at may hangganan, ngunit alaala ang wika, at magpapatuloy sa pag-iral ang alaala.

Alalahanin na ang tungkulin ng tagasalin ay pakawalan sa sarili niyang wika iyong dalisay na wikang nasa ilalim ng mahika ng iba, palayain ang wikang nakakulong sa isang akda sa kaniyang muling paglikha sa akdang iyon (Benjamin 80)

Laging nahaharap ang tagasalin na may mga salita sa SL na hindi matutumbasan ng TL, dahil wala sa kultura at kasaysayang pinagmulan ng huli ang



mga salita. Ngunit hindi dapat panghinaan ng loob ang tagasalin. Ayon nga kay Newmark, wala naman talagang perpekto, ideal, o “wastong” salin. Ang isang tagasalin ay laging nagpapakahusay sa kaalaman at ekspresyon. Lagi niyang tinutugis ang katotohanan at mga salita (6). Ang pagtutumbas ay isang negosasyon ng mga salita. Kung hindi makita ang salita na may pinakamalapit na kahulugan sa TL, kunin ang pinakamalapit ang konteksto. Kung kailangan, maglagay ng paliwanag sa loob ng mga panaklong sa loob mismo ng teksto, sa talâbaba, o sa talâhuli.

Isang makabuluhang danas para sa akin ang pagsasalin ng *A Tale of Two Cities* ni Dickens. Ipinasok ako nito sa mundo bago at habang nagaganap ang Rebolusyong Pranses. Namalas at narinig ko ang mga pangyayari sa gilyotina, sa sementeryo, at sa loob ng korte. Tungkol sa huli, ikinalugod ko ang mga hakbang ni Hukom Cezar C. Peralejo, Sr., gaya ng paglalathala ng *Ang Kodigo Sibil ng Pilipinas*, salin sa *Filipino ng Civil Code of the Philippines*, at *English-Filipino Legal Dictionary*. Sa mga susunod na mananaliksik at magsasalin ng *A Tale of Two Cities*, iminumungkahi kong basahin ang mga akda ng hukom para sa mga eksena sa nobela na may kinalaman sa korte. Mas makabubuti ring maghanap ng mga salita sa alinman sa ating mga katutubong wika para itumbas sa mga salitang walang direktang katumbas sa Filipino. Ibig sabihin, maaring katigan ang paglikha ng bagong kahulugan, gaya ng panukalang *pagdadalumat-salita* ni Rhoderick V. Nuncio, para higit pang mapaunlad ang korpus ng wikang Filipino. Malugod kong tatanggapin ang mga bagong salin ng *A Tale of Two Cities*, gaya ng posibilidad ng pagsasalin ng iba pang mga nobela ni Dickens. Una, ang isang bagong salin ng *A Tale of Two Cities* ay magpapakita ng bago o iba pang estilo at pamamaraan sa pagsasalin sa Filipino, maging ng paglalapat ng iba pang teorya sa pagsasalin. Para sa akin, priyoridad pa rin na maunawaan ng target na mambabasa—ng sambayanang Pilipino—ang alinmang salin ng nobela.

Ipinaalala sa akin ng *A Tale of Two Cities* ang aking tungkulin bilang isang malikhaing manunulat sa kasalukuyang panahon. Inilugar nito ako sa nagpapatuloy na kasaysayan ng ating bayan. Ang likas na apinidad ko sa nobela ay likas na apinidad din ng ibang iskolar o maging ng mga tumatangkilik sa panitikan, kahit pa iyong mga hindi nagmedyor sa wika at pagsulat. Maaaring pareho kami ng katwiran: na ang pagsasalin sa Filipino ng isang akdang nasa wikang Ingles—na mababasa’t mauunawaan naman ng mga Pilipino—ay hindi pag-aaksaya ng panahon at rekurso. Bahagi itong intelektuwalisasyon ng ating pambansang wika, at kung gayon ay pakikipag-usap sa kapuwa saan mang dako ng bansa.

## TALASANGGUNIAN

- “A Tale of Two Cities Charles Dickens translation.” WorldCat, wp., [https://www.worldcat.org/search?q=A+Tale+of+Two+Cities+Charles+Dickens+translation&qt=results\\_page](https://www.worldcat.org/search?q=A+Tale+of+Two+Cities+Charles+Dickens+translation&qt=results_page). In-access noong 27 Disyembre 2021.
- “Heteroglossia.” Merriam-Webster.com Dictionary, Merriam-Webster, wp., <https://www.merriam-webster.com/dictionary/resurrectionist>. In-access noong 27 Disyembre 2021.
- “Resurrectionist.” Merriam-Webster.com Dictionary, Merriam-Webster, wp., <https://www.merriam-webster.com/dictionary/resurrectionist>. In-access noong 27 Disyembre 2021.
- Angeles, Mark Anthony. *Kuwento ng Dalawang Lungsod, salin sa Filipino ng A Tale of Two Cities ni Charles Dickens*. Komisyon sa Wikang Filipino at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2017, 2018.
- Appel, Anne Milano. “Out of the Shadows: Unionizing in Rome.” *The ATA Chronicle*, tomo 36, bilang 10, 2007, mp. 38-44.
- Benjamin, Walter. *Illuminations: Essays and Reflections*, salin ni Harry Zohn. New York, NY: Schocken Books, 1969.
- Bloom, Harold. *Introduksiyon. Bloom’s Classic Critical Views: Charles Dickens*, in-edit nina Harold Bloom at Jason B. Jones. New York, NY: Infobase Publishing, 2008. mp. xi-xii.
- Bodenheimer, Rosemarie. “Biographical Dickens.” *The Oxford Handbook of Charles Dickens*, in-edit nina Robert L. Patten, John O. Jordan, Catherine Waters. Oxford University Press, 2018. mp. 9-24.
- Burgess, Anthony. “Is Translation Possible?” *Translation: The Journal of Literary Translation*, tomo 12, 1984, mp. 3-7.
- Chesterton, G. K. *Charles Dickens*. Hertfordshire, England: Wordsworth Editions Limited, 1907, 2007.
- Chukovskii, Kornei. *Iskusstvo Perevoda*. Leningrad at Moscow: Academia, 1930, 1936.
- Dickens, Charles. *A Tale of Two Cities: A Story of the French Revolution*. London: Chapman & Hall, 1859.
- Flood, Alison. “Charles Dickens novel inscribed to George Eliot up for sale.” *The Guardian*, 21 Agosto 2014, <https://www.theguardian.com/books/2014/aug/21/charles-dickens-george-eliot-a-tale-of-two-cities>. In-access noong 27 Disyembre 2021.
- Gamboa-Alcantara, Ruby V. *Nobela: Mga Buod at Pagsusuri*. Rex Bookstore, Inc., 1989.
- Gibran, Kahlil. *The Prophet*. New York, NY: Alfred A. Knopf, 1923.
- Jurilla, Patricia May B. *Bibliography of Filipino Novels, 1901-2000*. University of the Philippines Press, 2010.
- Kundera, Milan. *Testaments Betrayed: An Essay in Nine Parts*, salin ni Linda Asher. London: Faber, 1995.
- Lumbera, Bienvenido. “MAGALING DATAPOUA: Ang Dating at Galing sa Estetika ng Ating Panitikan.” *Tomás*, tomo 2, bilang 1, 2012-2013, mp. 189-199. <https://tomas.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2021/07/18-Magaling-Datapoua-Ang-Dating-at-Galing-sa-Eстетika-ng-Ating-Panitikan-Bienvenido-Lumbera.pdf>.
- Mounzer, Lina. “War in Translation: Giving Voice to the Women of Syria: Lina Mounzer on the Urgency of Telling the Stories of Conflict.” *Literary Hub*, 6 Oktubre 2016, <https://lithub.com/war-in-translation-giving-voice-to-the-women-of-syria/>. In-access noong 27 Disyembre 2021.
- Newmark, Peter. *A Textbook of Translation*. London at New York, NY: Prentice-Hall International, 1988.

- . *Approaches to Translation*. Oxford at New York: Pergamon Press, 1981.
- Nuncio, Rhod V. "Pagdalumat-salita tungo sa pagteteoryang Filipino." *kritikasatabitabi*, 6 Disy. 2009, <https://kritikasatabitabi.wordpress.com/2009/12/06/pagdalumat-salita-tungo-sa-pagteteoryang-filipino/>. In-access noong 21 Enero 2024.
- O'Brien, Justin. "From French to English." *On Translation*, in-edit ni Reuben A. Brower. Cambridge, MA: Harvard University Press, 1959. mp. 78-92.
- Panganiban, Jose Villa. *Concise English Tagalog Dictionary*. Rutland, VT at Tokyo: Charles E. Tuttle Company, 1969.
- Reyes, Soledad S. *Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyon at Modernismo*. Ateneo de Manila University Press, 1982.
- Rodensky Lisa. "Popular Dickens." *Victorian Literature and Culture*, tomo 37, bilang 2, 2009, mp. 583-607.
- Salazar, Zeus. *Wikà ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa*, in-edit nina A. Navarro at R. Abejo. Lungsod Quezon: LIKAS, 1998.
- Sibayan, Bonifacio P. "The Intellectualization of Filipino." *International Journal of the Sociology of Language*, tomo 88, bilang 1, 1991, mp. 69-82.
- Sison-Buban, Raquel E. "Pagsasalín ng Ben Singkol ni F. Sionil Jose sa Filipino: Pagsipat sa Teksto at Konteksto Bilang Angkla ng Saling Pampanitikan." *MALAY*, tomo 29, bilang 2, 2017, mp. 93-116.
- Slater, Michael. *Charles Dickens*. Oxford, UK at New York, NY: Oxford University Press, 2007.
- Vanfasse, Nathalie. "A Tale of Two Cities." *The Oxford Handbook of Charles Dickens*, in-edit nina Robert L. Patten, John O. Jordan, at Catherine Waters. Oxford University Press. mp. 260-272.
- Venuti, Lawrence. *The Translator's Invisibility: A History of Translation*. London at New York: Routledge, 1995.

## TUNGKOL SA AWTOR

Si **Mark Anthony S. Angeles** ay full-time na instruktur sa Departamento ng Filipino ng Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Santo Tomas. Nagtapos siya ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kasalukuyan siyang nag-aaral ng PhD sa Linggwistika sa parehong unibersidad. Resident Fellow siya ng UST Center for Creative Writing and Literary Studies. Kasama sa mga interes niya sa pananaliksik ang wika, kultura, at kasaysayan.